Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-7 NG ABRIL, 2014 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pagpupulong |
| Kgg. German S. Acosta | - | Konsehal |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - | -do- |
| Kgg. Dennes M. Faner | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |

**HINDI NAKADALO:**

Kgg. Diony de la Torre - Pangulo, Liga ng mga Brgy.

x------------------------------------------------------------x

## KAUTUSAN BILANG 14-04-140

**KAUTUSANG NAGBABAGO SA SEKSIYON 3 AT 7 NG BINAGONG KAUTUSAN BLG. 25, SERYE 1992 NA BINAGO NG KAUTUSAN BLG. 11-01-108**

**MAY AKDA:** Konsehal German S. Acosta
**TSERMAN:** Committee on Public Order and Public Safety

**ITINATADHANA** ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro na:

**SEKSYON 1.** Ang Seksiyon 3 ng Kautusan Blg. 11-01-108 ay binabago upang mabasa katulad ng mga sumusunod:

**"Seksiyon 3. Alinmang aso na makikitang gumagala sa lansangan o alinmang pampublikong lugal ay maaaring hulihin ninuman upang isuko sa Bahay Pamahalaan upang pagbayarin ng Anim na Daang Piso (PhP600.00), kung saan ang Apat na Daan at Limampung Piso (PhP450.00) at mapupunta sa nakahuli at ang Isang Daan at Limampung Piso (PhP150.00) ay mapupunta sa LGU;**

**SEK. 2.** Ang Sek. 7 ng Kautusan Blg. 25, serye 1992 ay binabago upang mabasa gaya ng sumusunod:

Scanned with CamScanner

**"Ang lahat na nahuli at nakulong na aso, matapos ang dalawamput apat na oras (24 hours) na hindi matubos ng may ari ay isusubasta alinsunod sa Batas;**

**SEK. 3.** Anumang ordinansa o bahagi ng ordinansang ito na magkasalungat na probisyon ay binabago na;

**SEK. 4.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa sampung (10) araw matapos mailathala para sa kaalaman ng Sambayanan. Ang mga sipi ng Kautusang ito ay ibibigay sa Himpilan ng Pulisya at Tanggapan ng Ingat-Yaman para sa kanilang kaalaman at pagpapatupad;

**ISINABATAS** ngayong ika-7 ng Abril, 2014 sa Bulalacao, Silangang Mindoro.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

**GERMAN S. ACOSTA**
Konsehal

**GIDEON B. ABUEL**
Konsehal

**EMELITA A. OSORIO**
Konsehal

**EDWIN C. ACERON**
Konsehal

**SENEN C. FAMILARA**
Konsehal

**DEXTER R. GONZALES**
Konsehal

**DENNES M. FANER**
Konsehal

**RAMON G. MAGBANUA**
Konsehal

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**SIXTO O. BARRIENTOS**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**EDNA C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 05 14 14

140506/SOB/jpc

Scanned with CamScanner